

Prologue

*N*agmamadali si Rachel na makipagkita kay Erwin. Nag-text na ito sa kanya kung saang lugar sila magmi-meet.

“Hihintayin kita, babe. I have a surprise for you,” sabi ng boyfriend nang magkausap sila sa cell phone.

Hindi mapakali si Rachel. Parang gusto na niyang liparin ang kinaroroonan ng nobyo, pero hindi umuusad ang mga sasakyan. Naipit na siya sa traffic.

Habang umaandar ang oras ay lumalakas ang kaba sa kanyang dibdib. Hindi niya mapigilan ang sarili na mag-isip kung bakit biglang gusto nitong makipagkita sa ibang lugar samantalang puwede

naman silang mag-usap sa bahay niya or sa bahay nito. Hindi niya alam kung bakit siya kinakabahan.

Pagbaba ng sasakyan ay mabilis ang lakad na tinunton niya ang pagkikitaan nila. Para mapanatag ay sinubukan niya uli itong tawagan sa cell phone, pero nagri-ring lang iyon. Malapit na si Rachel sa tagpuan nila. Hindi nito sinasagot ang tawag niya. Ilang ulit siyang nag-dial pero wala.

Hawak niya ang cell phone sa tapat ng tainga nang makabunguan niya ang isang lalaki. Sa lakas ng pagkakabunggo nito sa kanya ay halos matumba siya. Buti na lang at nahawakan nito ang kanyang braso.

“Kung kailan naman nagmamadali ang tao, eh,” inis niyang sabi.

Kung may isasagot man ang lalaki ay wala na siyang pakialam. Naglakad na siya palayo bago pa ito nakaimik.

Nang mag-ring ang cell phone niya ay agad niyang sinagot iyon.

“Mama? Bakit napatawag kayo?”

“Hello, Rachel, huwag ka sanang mabibigla,” sabi nito.

“Ano po ba iyon?” Nang sabihin nito ang dahilan kung bakit ito tumawag ay gumuho ang kanyang

mundo. Sa sobrang pagkabigla ay nabitiwan niya ang cell phone.

CHAPTER *One*

*H*indi mapigilan ni Rachel ang pagpatak ng kanyang luha habang tinitingnan ang framed picture ng dating boyfriend na si Erwin. Magkasama sila sa larawan. Sobrang miss na niya ito. Namatay ito dahil sa isang aksidente. Nabangga ng isang bus ang sinasakyan nitong motor dalawang taon na ang nakararaan.

Mula nang mawala si Erwin ay nawala na rin ang sigla ng dalaga.

Dumaan ang panahon na nag-alala ang kanyang mga magulang at kaibigan dahil hindi siya pumapasok sa trabaho at nagmumukmok lang sa kuwarto. Dumating din sa puntong ginagabi siya nang uwi dahil sa kalasingan.

Kinakaya niya ang bawat araw na nagdaraan alang-alang sa mga magulang na pilit iniintindi ang kanyang pinagdaraan. Ikinukubli na lamang niya sa mga kapamilya ang kalungkutan.

Hindi talaga madali. Kahit dalawang taon na ang lumipas, pakiramdam niya ay parang kahapon lang ang lahat. It was still hard and painful.

She and Erwin were together for almost eleven years. Mula high school hanggang college ay magkasama na sila. Nakatakda nilang i-celebrate ang kanilang eleventh year anniversary at sosorpresahin sana siya nito noong araw na mangyari ang aksidente.

Hindi niya akalaing hindi na niya makikitang buhay si Erwin. Ang pinakamasakit, nakaplano na ang kanilang pagpapakasal. Matagal din nilang pinag-ipunan ang kanilang dream wedding. Hanggang plano at pangarap na lang pala ang lahat ng iyon. Erwin was her everything.

She missed hanging out with him. Hindi lang kasi sila basta magkasintahan, magkaibigan sila at napakahaba ng kanilang pinagsamahan. Nahaplos niya ang larawan nito habang patuloy na umiiyak.

Isang weekend, binisita si Rachel ng tatlong malalapit na kaibigan.

“You should take a break, girl. A vacation

somewhere you've never been before," suggestion ni Jessica sa kanya.

Hindi siya sumagot. Patuloy siyang tumitig sa labas ng bintana ng kanyang kuwarto.

"Tama, kailangan mo ng bakasyon," ani Chelsea. "May ire-recommend ako sa 'yong resort. Maganda d'un, sure na mare-relax ka."

"Wala akong ganang magbakasyon," sagot niya, hinarap ang mga ito.

Umiling ang mga kaibigan niya, kanya-kanyang react.

"Ano ang plano mo? Buruhin ang sarili mo dito at maglasing? That's absurd, Rachel."

Napatingin siya kay Sally, pero hindi umimik. Siguro nga absurd ang ginagawa niya, pero mas gusto niyang magkulong sa kuwarto sa bahay kaysa lumabas.

Bumuntong-hininga si Rachel. Alam niyang concerned lang ang mga kaibigan at gusto ng mga ito na makapag-move on siya dahil depressed pa rin siya.

She was grateful to have them in her life, ang tatlong itinuturing niyang best friends. Mula noong elementary days pa, magkakasama na sila. Kahit ngayong may sari-sarili na silang mga trabaho ay may time pa rin silang mag-hang out at magkita-kita.

Magazine editor si Jessica sa isang kilalang publishing house. Si Chelsea ay stewardess. Sally owned a boutique shop near Ayala Avenue. Siya ay manager sa business na pagmamay-ari ng kanyang mga magulang pero ngayon ay napapabayaang niya ang kompanya dahil sa kanyang depression kaya ang ate niya ang nakatutok doon. May patahian sila ng bridal gowns. Katunayan ay yari na ang bridal dress na isusuot niya dapat para sa kasal nila ni Erwin. Katulong niya ang ate at ang mama niya sa pagtahi niyon. Ayaw iyong ipa-display ng ate niya at ang sabi nito ay ikahon na lang nila at ibenta o ipamigay kapag handa na siya.

Dahil sa pananamlay ni Rachel, todo udyok tuloy ang kanyang mga kaibigan na magbakasyon muna siya para kahit paano ay makapag-isip-isip siya at makapag-relax.

Ayaw niyang magbakasyon dahil lalo lang niyang mami-miss ang namayapang nobyo. Tuwing nagbabakasyon kasi siya noon ay si Erwin ang parati niyang kasama. Umikot dito ang kanyang mundo. Sobra niya itong minahal.

Niyakap ni Chelsea si Rachel. “I know it’s hard for you but you have to move on, friend.”

“I don’t know how to move on...completely,” ani Rachel.

“Magbakasyon ka na kasi.”

“No, Sally. Lalo ko lang maaalala si Erwin.”

“That’s the problem. Iyan palagi ang sinasabi mo. Hindi mo pa naman nasusubukan,” napapailing na sabi ni Jessica.

“Give it a go, Rachel,” saad ni Chelsea. “Subukan mo muna kaysa ikinukulong mo dito ang sarili mo.”

Hindi siya kumibo. Yes, her friends may be right. Pero natatakot siyang lumabas at harapin ang mundo nang wala si Erwin. Parang hindi niya gustong maging masaya dahil hindi na ito babalik.

“Sa *Puerto Lacerta* ka pumunta. D’un ako galing last week at masasabi kong it’s a perfect place to heal your lonely heart,” ani Chelsea.

“Ano naman ang ginawa mo d’un, Chelsea? Nang-hunting ng lalaki?” pang-aasar ni Sally.

“Hoy, bruha, baka mabalitaan na lang namin nabuntis ka na ng kung sino, ah,” gatong ni Jessica.

Nagtawanan ang mga ito. Hindi rin napigilan ni Rachel ang mapangiti.

“Ano, friend?” untag ni Sally. “It’s been two years already. Give yourself a break, Rachel.”

“All right, panalo na kayo. Magbabakasyon na ako.”

“Go, girl!” ani Jessica.

“You’ll definitely love the resort. For sure, hindi

ka magsisisi,” sabi ni Chelsea.



“Aalis ka, Kuya?” gulat na tanong kay Bryle ng kanyang nakababatang kapatid na si Benjie.

“Parang kung saan ako pupunta, magbabakasyon lang naman ako,” natatawa niyang sagot.

“Bakit mo pa kasi kailangang magbakasyon, Kuya?”

“Para makapag-unwind, ano pa!”

“Kausapin mo kaya ulit si Papa? Tumanggi ka sa gusto niya.”

“Hindi iyon ganoon kadali. Parang hindi mo kilala si Papa. Gagawin niya ang lahat magkatuluyan lang kami ni Audrey.” Mula nang pumanaw ang mama nila ay ang papa na nila ang tumayong ama at ina sa kanilang magkapatid kaya bilang panganay at hirap si Bryle na suwayin ito. Gusto niya kasing maging mabuting ehemplo kay Benjie.

“Meaning, kahit hindi ka masaya ayos lang?”

Bumuntong-hininga si Bryle bago nahiga sa kama. Si Benjie naman ay humarap sa laptop na nasa computer table ng kapatid at nagpatuloy sa pag-o-online game.

Ready na ang mga dadalhin niya sa pupuntahan. Nagdesisyon siyang magbakasyon muna habang hinihintay ang pagdating ng kanyang fiancée na

si Audrey. Inireto ito ng kanyang ama sa kanya, kaibigan kasi ng papa niya ang mga magulang nito at gusto ng mga partido nila na ang nag-iisang anak na babae ng mga ito ang mapangasawa niya.

Ilang beses na rin silang nagkita at lumabas ng babae. Mabait si Audrey. Lahat na yata ng katangian ng isang perfect girlfriend ay taglay nito. Maganda rin ito at matalino.

Ang problema, hindi niya maramdamang mahal niya ang dalaga. Pero makakatangi pa ba siya sa gusto ng kanyang ama? Matanda na ito at may sakit sa puso kaya ayaw niya itong biguin at bigyan ng sama ng loob.

Hindi kakayanin ng kanyang konsyensya na may masamang mangyari sa kanyang ama sakaling suwayin niya ang kagustuhan nito. Kaya atubili man ay pumayag siya sa kasunduan, para na lang sa kanyang ama.

Nasa California ngayon si Audrey. Pumunta ito roon para ayusin ang mga papel nito. Doon kasi ipinanganak si Audrey at may mga kailangan itong ayusin bago magpakasal sa Pilipinas.

Tumigil si Benjie sa paglalaro at pinaikot ang computer chair paharap sa kama ng kapatid. “Kuya... di ba, certified virgin ka pa?” pang-aasar ni Benjie.

“Gago!” Binato ito ni Bryle ng unan pero sinalo lang nito iyon.

“Pagkakataon mo na ’yan para magka-experience ka sa babae,” ngisngis pa nito.

Totoo na wala pa talagang karanasan sa babae si Bryle. Kahit guwapo ito at may maipagmamalaking kakisigan ay torpe ito pagdating sa babae at takot manligaw. Kaya rin siguro ang ama na ang nagdesisyon na ipakasal ang binata kay Audrey.

“Mas okay kung magka-experience ka muna sa babae, Kuya, bago ka magpakasal para naman sa honeymoon n’yo hindi ka tutunganga,” patuloy na pang-aasar nito.

“Puro ka kalokohan. Ang bata mo pa puro kalaswaan na ang nasa isip mo.”

Natawa lang ito. “Para rin ’yan sa ’yo, Kuya.”

Matututunan din niya sigurong mahalina si Audrey. Sa ngayon, magbabakasyon muna siya para makapag-isip nang husto kung tama ba talaga ang kanyang gagawin.

“Magandang araw! Welcome to *Puerto Lacerta*, ma’am.”

Tumango si Rachel sa babaeng staff na nakangiti sa kanya. Ipinadala nito sa isang lalaking staff ang mga gamit niya sa kuwartong tutuluyan niya.

Tama si Chelsea, maganda ang *Puerto Lacerta*.

Nang iikot niya ang paningin, may mga nakita siyang turistang namamasyal sa dalampasigan. May guests na kumakain sa open restaurant ng resort.

Pumunta na muna siya sa kanyang kuwarto at nagpalit ng damit. Mamaya na siya lalabas para mamasyal. Alas diez pa lang ng umaga kaya magpapahinga muna siya. Nahiga siya sa malambot na kama at agad nakatulog.

Nang magising siya ay alas tres na ng hapon. Agad siyang nagpunta sa banyo at naligo. Paglabas niya ay saka lamang niya napagmasdan nang mabuti ang kabuuan ng kuwarto. The room was big and nice. Malaki rin ang banyo na may tub at hot shower. Komportable ang hinigaan niyang queen-size na kama. Nang hawiin niya ang kurtina ay nakita niyang gawa sa salamin ang bintana kaya tanaw na tanaw ang dagat.

Inayos muna niya ang mga damit sa closet bago lumabas ng kuwarto. Hindi pa siya nakakaramdam ng gutom dahil marami siyang nakain sa biyahe habang papunta sa isla. Maglilibot-libot muna siya.

Pumunta siya sa tabing-dagat. Huminga siya nang malalim habang dinadama ang masarap na simoy ng hangin. Napakaaliwalas ng paligid. Sulit nga talaga ang pagpunta niya sa *Puerto Lacerta*. Sayang at hindi niya kasamang nagbakasyon doon

ang mga kaibigan. Nangako naman ang mga ito na sa susunod ay grupo na silang pupunta roon. Nauunawaan din niya na may respective boyfriends sina Sally at Jessica at mahirap ang schedule ng stewardess na si Chelsea.

Mas maganda ang *Puerto Lacerta* kumpara sa mga mas sikat na resort sa Pilipinas. Puting-puti ang buhangin na kapag natatamaan ng sikat ng araw ay parang mga butil-butit na kristal na kumikinang. Marami ring magagandang pasyalan sa resort, may water activities din na maaaring gawin. Baka bukas ay susubukan ni Rachel ang mga iyon.

Hindi niya namalayang malayo-layo na pala ang narating ng paglalakad niya. Wala halos tao sa bahaging iyon ng resort. Sa pagod ay naupo muna siya sa isang malaking bato na nasa tabi ng isang malaking patay na puno. Pagtayo niya mula roon para bumalik na sa pinanggalingan ay nakaramdam siya ng pananakit ng tiyan.

Nadudumi siya at hindi na niya mapigil. Malayo pa ang lalakaran pabalik sa kanyang kuwarto.

Natanaw niya ang isang tagong bahagi. May mga halaman doon na maraming dahon at tiyak na kubling-kubli siya. Mabilis niyang nilakad ang patungo roon. Luminga-linga muna siya sa paligid. Nang matiyak niyang walang ibang tao ay saka lang

niya hinubad ang shorts, umupo sa gilid ng halaman, at sinimulan na ang pagbabawas.

Tapos na siyang maglinis gamit ang mga dahon ng halaman nang matanaw na may lalaking palapit sa kinaroroonan niya. Nanlaki ang mga mata ni Rachel. Napasigaw siya nang matapilok sa nakaharang na kahoy sa kanyang paanan. Mabilis naman siyang nakatayo at dali-daling inayos ang shorts niya.

Napansin kaya siya nito?

Napasinghap siya nang makita ito sa malapitan. She could not deny that he was handsome. May katangkaran ito at may magandang pangangatawan. Nakasuot ito ng puting T-shirt at asul na shorts. Sa tingin niya ay turista rin ito. Dali-dali niyang pinuntahan ang kinaroroonan nito habang nakataas ang kanyang kilay.

“Hoy, namboboso ka, ’no? paratang niya rito.

“Ano?” gulat na tanong nito.

“Anong ano-ano ka d’yan? May ritwal akong ginagawa na pang-SPG at bigla ka na lang sumulpot dito, eh, hindi pa ako tapos sa ritwal ko!” Ramdam ni Rachel ang pag-iinit ng mga pisngi nang sabihin iyon.

“Teka muna, miss. Hindi ko naman alam na may ginagawa ka palang milagro d’yan kaya wala akong kasalanan sa ’yo.” Kumunot ang noo nito habang

nagpapaliwanag sa kanya.

“Huwag ka nang magpalusot at huling-huli na kita,” naiinis na sabi ng dalaga.

“Ikaw ba ang may-ari ng lugar na ito? Natural na may pumunta dito. Hindi kita binobosohan. Kanina pa ako naglalakad-lakad dito sa resort kaya huwag mo akong pagbibintangan ng kung ano-ano.”

Sa sinabing iyon ng lalaki ay mas lalong uminit ang bumbunan niya. Lalo niya itong pinandilatan. Sa halip na mag-sorry ito ay nangangatwiran pa!

“Isa pa, hindi ito banyo para dito ka gumawa ng ritwal mo,” sabi pa nito sa kanya.

Lalong nanggigil si Rachel. “I know! Pero ano’ng magagawa ko? Duming-dumi na ako. Alangan namang bumalik pa ako sa resort? Paano kung sa daan pa ako abutan?”

Lalo siyang nainis nang makitang natawa ito sa sinabi niya.

“Buwisit ka! Tumabi ka nga riyan!” Tinabig niya ito at nagmamadaling naglakad palayo.



Pailing-iling na lamang na sinundan ng tingin ni Bryle ang papalayong babae. Hindi naman niya sinasadya na mapunta roon. Malay ba niya na naroroon ito at tiyempo pang nagbabawas? Hindi niya napigilan ang mapangiti nang maalala ang

pamumula ng magandang mukha nito.

Nang makabalik siya sa kuwarto ay tumunog ang kanyang cell phone. May nag-text sa kanya, ang kanyang kapatid na si Benjie. Nangungumusta ito.

Napakunot-noo si Bryle. Ganoon ba talaga kung mag-alala ito sa kanya? Nag-reply na lamang siya na ayos lang siya. Dalawa lang kasi silang magkapatid at nasanay na silang magkasangga at magkasama. Ni minsan ay hindi sila nagkaroon ng grabeng away dahil pareho silang pasensyoso.

Nang matapos ang palitan nila ng text message ay muling tumunog ang kanyang cell phone. Si Audrey ang tumatawag sa kanya.

Napabuntong-hininga siya bago sinagot ang phone.

“Hello?”

“Hi, love, how are you?” bungad nito sa kanya.

Na-guilty siya. Hindi man lang niya ito na-text or natawagan pagdating niya sa resort. “Okay lang ako. Nandito na ako sa resort,” aniya.

“Oh, good. Have fun and relax, all right? Miss na kita.”

“Sige, miss na din kita,” sabi ni Bryle kahit hindi.

“Tatapusin ko lang ang mga inaayos ko dito at babalik na ako d’yan. Magkakasama na ulit tayo,” sabi nito sa malambing na tinig.

“See you,” matipid niyang sagot.

“I guess you’re tired. Magpahinga ka na. I love you.”

“Love you, too...”

Nang putulin na nito ang tawag ay saka lang siya nakahinga nang maluwag. Hindi talaga niya maramdaman ang pagsasabi ng ‘I love you’ rito. Kulang iyon sa kilig at lambing.

Ganoon siya palagi kapag tumatawag ito. Mabuti na lang at mabait si Audrey.

Naiisip ni Bryle, sakaling mag-asawa na sila, hindi niya alam kung mananatiling mabait si Audrey kung palagi siyang malamig dito. Hindi rin puwede na tratuhin niya ito nang ganoon kung itutuloy niya ang pagpapakasal dito.

CHAPTER *Two*

*M*ag-a-alas-doce na ng tanghali nang magising si Rachel. Napahaba nang husto ang tulog niya dahil napuyat siya sa kakapanood ng Korean drama sa kanyang laptop. Noong panahong nagmumukmok siya sa kanyang kuwarto ay doon din nauubos ang oras niya sa halip na matulog.

Pagkatapos niyang maligo ay nagsuot siya ng sundress at lumabas ng kuwarto at nagtungo sa restaurant ng resort para mag-brunch.

“Magandang tanghali po. Pasensya na po wala na pong bakanteng mesa, pero puwede kayong maki-share,” sabi ng lalaking staff. “Ihanap ko po kayo ng table.”

Napalabi si Rachel sa sinabi nito, pero tipid na

tumango. Sumunod siya sa staff. Tumigil sila sa tabi ng isang mesa.

“Sir, puwede po bang may maki-share na customer sa table n’yo?” tanong nito sa diner na umookupa sa mesa.

Nakatalikod ang lalaki sa kanya. Muling bumaling sa kanya ang staff.

“Ma’am, dito po.”

Pagtingin sa makakasama niya sa mesa ay nagulat siya nang makita na ang lalaking tinarayan niya ang makakasalo niyang kumain. Gusto niyang mainis at muli itong tarayan, pero pinangunahan siya ng hiya. Alam niyang wala siya sa lugar para mainis dito.

“Ma’am?”

“Huh?” Napatingin siya sa lalaking staff.

“Upo na po kayo.” Parang robot siyang sumunod sa waiter. “May I have your order?” Iniabot nito sa kanya ang menu.

Ramdam niyang nag-iinit ang kanyang mga pisngi. Sigurado siyang nakatingin sa kanya ang lalaking naka-encounter niya kahapon.

Sinabi niya sa staff ang kanyang order at ibinalik ang menu. Nang makaalis na ito ay ibinaling niya ang tingin sa ibang direksyon, pilit na iniwasang mapatingin sa ka-share ng table pero hindi niya

mapigilan ang sarili na sulyapan ito.

Kitang-kita ni Rachel ang kabuuan ng mukha ng lalaki. Ang guwapo talaga nito. Moreno ito at matangos ang ilong. Agaw-pansin din ang medyo chinito nitong mga mata na nakapanghihina kung makatingin. Sa kabuuan, mukhang lalaking-lalaki ito. Hindi niya ito masyadong natitigan noong una silang nagtagpo.

Nang dumating na ang order niya ay sa pagkain na niya itinuon ang pansin. Pinilit niyang ibaling ang konsentrasyon sa kinakain kahit parang gusto niyang tingnan ang lalaki.

Mayamaya ay nakita niyang tapos na itong kumain. Baka aalis na ito. Mas mabuti na siguro iyon para makakain na siya nang maayos.

Ano ba 'yan, bakit ganito ako kaapektado sa presensya ng bruhong 'to? tanong niya sa sarili.

Ngunit hindi pa rin ito umalis sa kinauupuan. At parang nararamdaman niyang nakatingin ito sa kanya.

Hindi niya napigilang mag-angat ng tingin. Nagulat si Rachel nang magsalubong ang mga mata nila.

“May problema ba? Ayokong tinitingnan ako kapag kumakain,” aniya sabay irap.

Hindi ito sumagot at binawi ang tingin sa kanya.

Dumukot ito ng pera sa bulsa at inilagay iyon sa ibabaw ng mesa. Tumayo na ito at naglakad paalis. Nang wala na ito sa paningin niya ay ipinagpatuloy niya ang pagkain.



Naglakad-lakad si Bryle sa paligid ng resort. Nakilala niya ang babaeng naka-share sa mesa. Ito rin ang nagbintang sa kanya na namboboso. Ang taray talaga nito. Napabuntong-hininga na lamang siya.

Bumalik siya sa kuwarto niya at itinaas ang blinds sa bintana. Naupo siya sa couch sa tabi ng bintana. Habang tinatanaw ang dalampasigan ay hindi niya naiwasang mapaisip. Inaalala niya ang nalalapit niyang kasal. Bakit wala siyang maramdamang saya na ikakasal na siya?

Madalas na sabihin ng ama ni Bryle na napakasuwerte niya kay Audrey—edukada, mabait at maganda. Wala na raw siyang maipipintas pa. Huwag na raw siyang mapili dahil nasa harap na niya ang palay at tutukain na lang daw niya.

Si Audrey ang tipo ng babae na karapat-dapat iharap sa altar, pero hindi kasi maturuan ang kanyang puso. Hindi niya rin malaman kung bakit wala siyang maramdaman sa babaeng nakatakda niyang maging asawa.

Napahinto siya sa pagmumuni-muni nang makita ang babaeng nakasabay sa pagkain kanina. Naglalakad ito sa tabing-dagat. Palinga-linga ito at tila nagmamasid sa paligid. Mula sa puwesto niya ay kita niya ang perpektong mukha nito. Napagmasdan niya kanina kung gaano kakinis ang kutis nito. Kaya lang ay napakataray kaya nakaka-turn off. Napansin din niya na masyado itong seryoso. Mayroon din kaya itong problema na kagaya ng sa kanya?

Napagdesisyunan niyang lumabas at lapitan ang babae. Hihingi siya ng sorry dahil tila iyon ang inaasahan nito. Bahala na kung tarayan siya ulit. Nilakasan na lamang niya ang loob at naglakad patungo sa kinaroroonan nito.

Napatigil si Bryle nang mapansing tila malungkot ito at parang may malalim na iniisip. Hinintay niyang mapatingin ito sa kanya. Katulad ng inaasahan niya ay tinaasan siya nito ng kilay.

“Ikaw na naman? Nananadya ka ba talaga?” inis na tanong nito.

“Look, gusto ko lang sanang mag-sorry sa ’yo. Hindi ko naman talaga intensyong pumunta d’on. Hindi ko rin alam na nandoon ka.”

Ilang saglit na tiningnan muna siya nito bago tumango.

May bagong napansin si Rachel. Mala-Korean

pala ang hairstyle nito, medyo mahaba ang bangs at parang habit ng lalaki na suklayin iyon palikod gamit ang mga daliri ng kanang kamay nito.

“May kailangan ka pa?” tanong niya nang makabawi.

Napatikhim si Bryle nang mahuli ang sarili na nakatitig sa balingkinitang katawan ng babae. Parang nahimasmasan siya sa sinabi ng kaharap at umiling siya. “Ah, eh, wala na. Sige, aalis na ako. Pasensya ka na ulit.”

“Okay.”

Tumango na siya rito at tumalikod na, pero sinulyapan muna niya uli ang babae. Napangiti siya nang makitang nakatingin din ito sa kanya. Agad itong nagbawi ng tingin.

Pagbalik sa kuwarto ay mabilis ang kabog ng dibdib ni Bryle at nag-iinit ang kanyang mukha. Bakit ba palagi silang pinagtatagpo ng babaeng iyon? At bakit pa ba siya lumapit? Baka isipin pa nitong may gusto siya rito.

Matangos na ilong ng babae, maganda ang mga mata, at maputi ang mala-porselanang balat. Parang may lahi itong foreigner.

Hindi niya maintindihan ang sarili pero parang naaaliw siya sa katarayan ng babae sa halip na mainis dito. Parang nasasanay na siya sa personalidad nito

at unti-unti siyang nagkakaroon ng paghanga rito.

Naiintriga siya rito. Sayang at hindi niya naitanong ang pangalan nito nang itanong nito kung may kailangan pa siya. Parang may kung anong kalungkutang bumabalot sa katauhan ng estranghero. Kanina, mula sa pagiging mataray ay seryoso at matamlay ang katangiang naaninag niya rito.



Sa kuwarto ni Rachel, hindi rin mapakali ang dalaga.

Bakit ba palagi silang nagkikita ng lalaking iyon?

Aaminin niyang model material ito. Teka nga, bakit ba panay ang puri niya sa lalaking iyon? Kanina pa niya napapansin ang sarili na humahanga sa kaguwapuhan at kakisigan nito.

Hindi rin niya maintindihan kung bakit parang lumalambot ang puso niya sa lalaki lalo na nang lumapit ito sa kanya at humingi ng sorry. Alam naman niyang wala itong kasalanan, pero pinalabas pa rin niya na may nagawa nga itong mali laban sa kanya.

Mataray ba talaga ako?

Nagsisisi na talaga si Rachel kung bakit niya pa tinarayan ang lalaki kanina.



Nang tingnan ni Bryle ang orasan, nakita niyang alas cuatro na ng hapon. Lumabas siya ng kuwarto. Parang may gusto siyang gawin. Bukas ay susubukan niyang mag-scuba diving.

May bumukas na pinto sa villa na inookupa niya at napag-alaman niyang iyon pala ang kuwarto ng babae. Nang makita siya nito ay ngumiti ito nang tipid sa kanya. Ngumiti rin siya. Sa isip niya ay maganda yata ang mood nito.

“Kumain ka na ba?” tanong niya.

Umiling ito. “Hindi pa.”

“Gusto mo sabay na tayo?” Hindi niya alam kung saan galing iyon, pero nagpapasalamat siya at hindi siya nabulol. “Kung gusto mo lang naman.”

“Okay,” pagpayag ng babae . Pagkatapos nitong i-lock ang pinto ng kuwarto ay lumapit ito sa kanya.

Sabay silang nagpunta sa restaurant. Nang makaupo na sila sa mesa at maibigay ang order nila sa waitress ay nagsalita ang babae.

“We haven’t told each other our names yet,” sabi nito. “I’m Rachel.”

“Bryle.” He offered his hand and she accepted it.

Ngumiti ito sa kanya. “Nice to meet you, Bryle.”

Napakaganda pala nito kapag nakangiti. At marunong din pala itong ngumiti. Mabuti at hindi

lang pagtataray ang alam nito.

Tahimik lamang sila habang kumakain pero si Bryle ay nako-conscious. Pagkatapos nilang kumain, mabilis niyang binunot ang kanyang wallet.

“Ako na ang magbabayad,” prisinta niya.

“No, ako na,” mabilis na sabi ng babae.

Tumingin si Brlye kay Rachel at nginitian ito. “Ako na, please. Ako naman ang nagyaya sa ’yo dito. Sa susunod, kapag ikaw ang nag-aya, pagbibigyan kita na ikaw ang magbayad.”

Napabuntong-hininga na lamang si Rachel at hindi na nakapagsalita. Hindi niya namalayang napasok na pala ng kilig ang puso niya dahil sa killer smile ng guwapong nakatitig sa kanya.

Pagkatapos nitong ilagay ang bayad sa mesa ay sabay na silang tumayo para lumabas ng restaurant.

“Thank you sa treat mo,” aniya sa lalaki.

“Wala ’yon.” Isang matipid na ngiti ang muling ibinigay nito sa kanya.

Lalo itong gumuwapo sa kanyang paningin. Hindi niya napigilang gantiin din ito ng ngiti.

Hindi alam ni Bryle kung bakit parang lalong gumaganda si Rachel habang nagtatagal na kasama niya ito. Ano na lang ang sasabihin ni Benjie kapag nalaman ang tungkol dito?

“Pasensya ka na kung natarayan kita. Hindi

naman talaga ako mataray, masungit or whatever. Medyo madali lang talaga mag-init ang ulo ko kapag mainit ang panahon. Sorry, ah,” pabirong sabi ni Rachel. “May pinagdadaan lang talaga ako. Pasensya ka na at nadamay ka.”

Natawa si Bryle. “Ayos lang. Hayaan mo na ’yon.”

Ngumiti si Rachel sa kanya at may kung anong tila bumangga sa kanyang dibdib. Napatitig siya sa mga mata nito at parang gusto niyang sabihin dito kung gaano ito kaganda. Kanina ay napag-usapan nila ang kanilang edad at mas matanda lang siya ng dalawang taon dito.

Naunang nag-iwas ng tingin si Rachel. Parang matutunaw kasi siya sa titig ni Bryle sa kanya, pero hindi naman iyon malagkit.

“Sige na. Kita na lang tayo bukas,” sabi ni Rachel.

“Okay. I’ll see you to your door.”

At inihatid siya ni Bryle sa kuwarto niya kahit na nasa iisang villa lang sila. Nang makapagpasalamat na at makapasok na sa kanyang kuwarto ay tumalikod na ito.

Kahit alam ni Rachel na nagpapaka-gentleman lang si Bryle ay hindi niya mapigilan ang kiligin. Sinong babae ang hindi kikiligin sa atensyon ng guwapo at mabait na lalaki?

Napabuntong-hininga siya. Pero hindi ibig

sabihin na may nabubuhay na paghanga sa puso niya para sa bagong kakilala ay nakalimutan na niya ang namayapang nobyo.



“Ano’ng balak mo, meron ka bang mga gustong gawin na activities habang nandito sa *Puerto Lacerta*?” tanong ni Bryle.

Umiling si Rachel. “Uhm, wala pa, eh.”

“Gusto mong sumama sa akin? Balak kong mag-scuba diving. Okay ba sa ’yo?”

“Ayos lang sa akin.”

Nang matapos silang mag-scuba diving, panay ang kamot ni Rachel sa kanyang kanang hita. Makati na may konting hapdi ang kanyang nararamdaman.

“Ano’ng nangyari, may problema ba?” nag-aalalang tanong ni Bryle sa kanya. “Teka, tingnan ko nga.”

Bago pa siya nakatanggi ay nahawakan na nito ang kamay niyang nakahawak sa kanyang hita. Hindi nakaligtas sa kanya ang dumaang tila kuryente sa katawan niya nang mahawakan siya nito. Lalo pang nagwala ang puso niya nang ilapit ng lalaki ang mukha nito sa kanyang maputing hita para suriin iyon.

“Medyo namumula,” sabi nito. “Huwag mo nang kamutin, okay?”

Nang tumayo na ito ay saka lamang bumalik sa normal ang pagtibok ng puso niya. Hanggang sa ang kamay naman niya ang hawakan nito at hinila siya.

“Where are we going?” tanong niya.

“Linisin muna natin ’yan,” sagot nito.

Nagpunta sila sa isang sink sa resort. Sa tabi niyon ay may shower at mayroon ding gripo. Binuksan nito ang gripo at pinuno ang bakanteng timba. Pagkuwa’y iniabot nito sa kanya ang tabo.

“Hugasan mo ang part na makati bago natin pahiran ng ointment para hindi ma-irritate. May dala akong gamot, kukunin ko lang sa kuwarto bago tayo kumain para magamit mo.”

Tumango si Rachel. Nang magkita sila para magtungo sa restaurant ay isinoli niya rito ang ointment.

“Thank you,” sabi niya rito.

“Walang anuman. Dalhin ko lang itong gamot sa loob bago tayo kumain,” paalam nito saglit.

Habang hinihintay ang lalaki ay hinawakan ni Rachel ang kamay niya. Para siyang kinuryente sa tuwing hahawakan iyon ni Bryle. Pilit niyang pinaglalaman ang nararamdaman dahil ang kanyang pag-ibig kay Erwin ay nananatili pa ring buhay sa kanyang puso at isipan. Ayaw niyang magpapasok ng ibang lalaki upang guluhin ang

kanyang loob.

No, Rachel, piping saway niya sa sarili.

Paglabas ni Bryle ay lumakad na sila.

Kahit simple lang din ang suot nito ay napakapormang tingnan ng lalaki. Parang ang sarap nitong yakapin. Lihim na sinaway niya uli ang sarili.

Kapag nagkakatitigan sila ni Bryle ay bumibilis ang tibok ng puso niya. It felt awkward but she liked it. Gusto niyang pigilan ang sarili pero hindi niya magawa. Parang may kung anong puwersang nagtutulak sa kanya na magustuhan iyon.



Nag-enjoy si Bryle na kasama si Rachel. He somehow felt guilty. Mayroon siyang nobya at nakatakda na siyang ikasal. Nobya nga ba niyang matatawag si Audrey kahit hindi niya ito niligawan? Pilit itong inireto sa kanya ng kanyang ama. What they would have was an arranged marriage.

Siguro nga mali ang ginagawa niya. Wala nga dapat siguro siyang ini-entertain na ibang babae dahil malapit na siyang ikasal. Pero hindi niya maiwasang malungkot kapag naiisip iyon, na ikakasal na siya.

Pero gusto niya ng kasama at gusto niyang kasama si Rachel. Nais niyang makalimutan muna kahit sandali na ikakasal na siya.



Kinaumagahan ay nasorpresa si Rachel nang kumatok sa pinto niya ang kaibigang si Chelsea. Sumaglit daw ito roon para makipag-meet sa isang kaibigan na nakilala nito sa chat pero aalis din mamayang hapon dahil flight na nito.

Niyaya siya ni Chelsea na kumain sa pinakamalapit na restaurant ng resort. Habang kumakain ay naisip niya si Bryle na madalas niyang kasama sa restaurant na iyon.

“How’s *Puerto Lacerta*?” tanong ni Chelsea.

Napatingin siya sa kaibigan at ngumiti. “Great. I’ll give it a rating of five stars.”

“Really? Sabi ko sa ’yo, eh, magugustuhan mo rito.”

“Tama ka, maraming magaganda rito sa resort.”

“Speaking of maganda, maraming magagandang lalaki, di ba? Maraming boys sa paligid,” nakangising sabi nito.

Napailing na lamang siya kahit naisip na naman si Bryle.

“It’s time for you to fall in love again, friend.”

“No, Chelsea,” aniya, sabay iling. “I told you...”

“Anong ‘no’? Matagal nang wala si Erwin, Rachel. If you like someone, don’t stop yourself and just go for it.”

Umiling na lang siya. “Now’s not the time yet, I think.”

Napailing na lang din ang kaibigan. Pagkatapos nilang magkuwentuhan ay nagyaya itong mamasyal muna bago ito umalis para makipag-meet sa chat-mate nito.

Natanaw niya si Bryle na palabas ng souvenir store. Mukhang mayroon itong mga pinamili dahil may bitbit itong dalawang paper bag.

Nang makita siya nito ay ngumiti ito sa kanya at kumaway. Gumanti rin siya ng ngiti.

“Sino ’yon, friend? Ang guwapo at ang macho, ah.”

Napatingin siya kay Chelsea. “W-wala.”

“Nakakainis naman ’to. Ipakilala mo naman sa akin,” sabi nito at tumingin kay Bryle na noon ay naglalakad na pabalik siguro sa kuwarto nito.

“He’s just a friend, Chelsea.”

“Friend. Yeah, sure,” tila hindi naniniwalang sambit nito at nginisihan siya.

Niyaya na lang niya itong magtingin ng pasalubong sa souvenir store.

CHAPTER *Three*

Buong araw na nasa loob ng kuwarto niya si Bryle, nakatutok lang sa kanyang laptop. Nanonood siya ng mga downloaded movies. Mahilig siya sa mga action movies.

Hindi niya maintindihan ang nararamdaman. Parang nami-miss niyang kasama si Rachel. Nakita niya ito kanina na may kasamang magandang babae. Pero kung tatanungin siya, mas maganda pa rin si Rachel. Mas maganda ito sa lahat ng babae.

“Naloloko na yata ako,” bulong niya sa saili.

Sa buong araw ng pamamalagi niya sa loob ng kuwarto, si Rachel lang ang naiisip niya, samantalang ang fiancée niya ay hindi niya naaalala.

Bumuntong-hininga siya at napatingin sa

pinto nang may kumatok doon. Inisip niyang staff ng resort, maglilinis or magbibigay ng fresh towels at toiletries. Nagulat siya nang si Rachel ang mapagbuksan niya.

“Hi, naabala ba kita?” nakangiting tanong nito.

Umiling si Bryle. “Naku, hindi. May kailangan ka?”

“Wala naman. Pero may binili ako para sa ’yo,” sabi nito at ipinakita sa kanya ang bitbit nitong fruit shake.

“Wow, nag-abala ka pa. Tamang-tama, mainit ang panahon, magandang pamatid-uhaw.”

“Naiinitan kasi ako at napadaan ako sa bilihan ng fruit shake. Bumili ako ’tapos binilhan din kita baka kasi naiinitan ka rin dito sa kuwarto mo.”

Napangiti si Bryle. Napaka-thoughtful naman ng dalaga. Nahiya tuloy siya sa sarili dahil siya ang lalaki, mas tama yata na siya ang nakakaisip na manlibre sa babae.

“Masarap daw ang fruit shakes nila dito. Okay lang ba sa ’yo na d’un natin ubusin sa wooden bench doon?” Itinuro ng dalaga ang upuan sa di kalayuan, sa harap ng villa nila.

Mangyari kasi ay nasa iisang cottage o villa sila, magkaiba lamang ng kuwarto. May isang family of four silang kasama roon na kabukod din ng kuwarto

na may sariling banyo.

May kung anong kilig na lumukob sa buong sistema ni Bryle. Kay Rachel lang niya iyon nararamdaman.

“Masarap nga, fresh na fresh ’yung prutas na ginamit,” sabi niya kay Rachel nang matikman ang fruit shake.

Ngumiti ito. “True.”

“Ahm, bakit ka nga pala nagpunta rito sa *Puerto Lacerta*?” tanong niya kapagkuwan.

Tumahimik siya nang hindi siya nito sinagot. Baka ayaw nitong pag-usapan iyon.

“Sorry, naitanong ko lang para may mapag-usapan tayo habang ninanamnam natin itong malamig na fruit shake,” apologetic na sabi niya.

“No, no. It’s okay, Bryle. I’m here on a vacation.”

“Magreklamo ka na lang kapag hindi ka komportable sa itinatanong ko, ah,” aniya. “Puwede mo rin akong tanungin kung gusto mo.”

“Okay, sige.”

Nang tingnan niya si Rachel ay ngumiti ito sa kanya. Nagwala yata ang lahat ng nasa loob ng katawan niya dahil sa ngiti nito.

“So, ikaw, bakasyon din ba ang dahilan kung bakit ka nandito?”

Tumango siya. “Oo, bakasyon din.” *Habang may*

hinihintay, nais sana niyang idugtong sa sinabi pero hindi niya magawa. Ayaw niyang sabihin. Kung sasabihin niya iyon ay baka mag-usisa pa ito kung ano o sino ang hinihintay niya. Baka kapag nalaman nito ang tungkol kay Audrey ay hindi na siya nito lapitan at kausapin.

At gusto ko talagang lapitan ako ni Rachel? tanong niya sa sarili. Bakit ba ganoon?

“Hanggang kailan ka rito?”

“Ah, hanggang sa gusto ko,” sabi ng dalaga.

“Wow. Unli?”

Nagkibit-balikat ito. “I don’t know. Siguro kapag nasa mood na akong magtrabaho ulit.”

Napangiti na lamang si Bryle. Ang suwerte nito kung ganoon.

“Ikaw, ano’ng pinagkakaabalahan mo sa buhay?” tanong nito sa kanya.

“Mayroon kaming family business at isa ako sa nagsu-supervise.” May bakery sila at nagsu-supply sila ng cakes at breads sa mga mall sa NCR at sa kalapit na probinsya. Katunayan ay isa siyang pastry chef. Nag-umpisa lang daw ang negosyo nila sa isang panaderia na itinayo raw ng lolo ng lolo nila.

“Ah, I see,” matipid nitong tugon.

Napangiti siya nang makitang paubos na ang iniinom nilang fruit shake. “Ito na yata ang

pinakamasarap na fruit shake na natikman ko,” komento ni Bryle. Noon lang niya napansing madilim na pala ang paligid.

“Parang bitin pa ako. Kumain na kaya tayo?”

Napatingin siya rito. “Gutom ka na?”

Natawa si Rachel. “Oo.”

“Tara, kain na tayo.”

“Huwag na tayo sa resto. Dito na lang tayo. Mas maganda pa ang view. Nakaharap tayo sa dagat. Mag-order na lang tayo ng pagkain.” May mesa rin kasi sa harapan ng wooden bench at sakto lang iyon na lagayan ng mga plato nila at inumin.

Tumango siya rito. “Okay, ikaw ang bahala.”

Siya na ang nag-place ng order sa restaurant para sa dinner nila pagkatapos sabihin sa kanya ng dalaga ang gusto nitong kainin. Ganoon na rin ang in-order niya.

Pagkaraan ng labing-limang minuto ay dumating na ang order nila. Akmang magbabayad si Rachel nang sabihin niyang nabayaran na niya ang order nila.

“Lagi ka kasing nanlilibre kaya hayaan mo naman na ako ang taya ngayon,” natatawang sabi niya rito.

“Okay,” sabi nito at nakangiting nagpasalamat.

Kung hindi pa siya nakaupo ay malamang na

nalugmok na siya sa sahig dahil sa panghihina ng mga tuhod dahil sa ngiti nito.

Masayang pinagsaluhan nila ang pagkaing in-order, inihaw na isda na may kasamang ensaladang gulay. Hiniwang pakwan ang para sa panghimagas.

Lihim na napabuntong-hininga si Bryle. Hindi na yata kompleto ang meal time niya kung wala si Rachel.



“Good morning,” nakangiting bati ni Bryle kay Rachel. Mukhang tulog na tulog pa ito nang katukin niya dahil mumukat-mukat pa nang pagbuksan siya ng pinto.

“Morning din,” mahinang bati nito. Medyo paos ang boses nito, parang ang sexy-sexy.

“Pasensya na kung naistorbo kita,” apologetic na sabi niya.

Umiling ito. “No, no, it’s okay. May kailangan ka ba?”

“Ahm, ang sarap kasing maglakad sa tabing-dagat ngayong umaga. Baka gusto mong sumama sa akin,” anyaya niya.

Ngumiti ito at tumango. “Sige. Magbibihis lang ako.” Naka-pajama pa kasi ang dalaga. Isinara muna nito ang pinto at pagkaraan ng ilang sandali ay lumabas itong naka-blouse at maong shorts. “Let’s

go.”

“Okay.” Hinawakan niya ang kamay nito at hinila ito palabas ng villa, patungo sa dagat.

Parang naramdaman niyang napapitlag si Rachel sa ginawa niya. Nang saglit niya itong lingunin ay nakatingin ito sa magkahawak nilang mga kamay. Niluwagan niya ang pagkakahawak sa kamay nito at bumitiw ang dalaga.

“Sorry,” sabi nito. “Hindi lang ako sanay.”

Hindi niya maintindihan kung bakit nadismaya siya sa ginawa nito. Lihim siyang napasimangot. Bakit hinila nito ang kamay? Hindi ba puwedeng hawakan na lamang niya ito?



Lihim na sinisita ni Rachel ang sarili. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Hindi ba ayaw niya ng ganito dahil hanggang ngayon ay mahal pa rin niya si Erwin? Pero di ba, kaya nga siya narito sa *Puerto Lacerta* ay para maka-move on?

Patingin-tingin si Bryle sa dagat. Inabala ni Rachel ang mga mata sa buhangin na nilalakaran nila. Maganda ang panahon. Alas seis na ng umaga at mabini pa sa balat ang sikat ng araw.

Niyaya niya si Bryle na umupo sa malaking bato.

“I never thought that I’d stay here longer than I had planned,” sabi ni Rachel.

“Gaano katagal ba ang original na plano mo?”

“Sabi ko isa hanggang tatlong araw, tatlong araw na ang pinakamatagal ganoon. Pero halos isang linggo na ang lumipas at parang ayoko pang umalis.”

Ngumiti si Bryle. “Ibig sabihin, nag-e-enjoy ka rito.”

Tumingin siya sa binata. “Thank you.”

Kumunot ang noo nito. “Para saan naman?”

Nagkibit-balikat siya. “I believe naging mas enjoyable ang stay ko dahil nandito ka.”

Ngumiti ang lalaki. “Then you’re very much welcome. Ginawa mo ring mas exciting ang stay ko rito,” sabi ni Bryle.

Nakatitig ang lalaki sa kanya. Na-conscious siya bigla.

“May dumi ba ako sa mukha?” tanong niya.

Umiling ito. “Wala. Gusto ko lang na tinitingnan kita.”

“Why?”

“Iba ka kasi ngayon, eh. Noong una tayong nagkita, ang taray mo. Pero ngayon, ibang-iba na ang aura mo. Napakalayo na sa mataray at masungit na babaeng nakilala ko.” At medyo tumawa ito.

Napangiti lang si Rachel. Ramdam niya ang pag-iinit ng mga pisngi. Kanina pa nakatitig sa kanya ang lalaki.

“Halika na,” yaya niya kay Bryle at nagpatuloy sila sa paglalakad.

“Wala ba tayong gagawin ngayon?” tanong nito.

Nakaramdam siya ng kilig sa term na ‘tayo’. “Wala akong maisip na gawin, eh,” sagot niya. “Parang tinatamad ako, eh.”

“Tinatamad o ayaw mo lang akong makasama?”

Napamaang siya rito. “Ha? Hindi, ’no. Tinatamad lang talaga ako. Saka nakalimutan mo na ba? Nangati ang balat ko n’ung nag-scuba diving tayo. Kung puwede nga lang na d’un na lang tayo sa kuwarto ko, eh.” Huli na para bawiin niya ang sinabi.

Nakakahiya! Lalong uminit ang mga pisngi niya nang makitang napangiti si Bryle.

“I mean, hindi naman puwede na do’n tayo sa kuwarto ko kaya...ano...” Hindi niya alam kung paano itutuloy ang sasabihin.

“Okay, pasensya na kung makulit ako,” sabi ng binata, tila pinipigil ang ngiti. “Mabuti pa kumain na muna tayo bago bumalik sa villa. Sabihan mo na lang ako pag may naisip ka nang activity na gusto mong gawin.”



Napabuntong-hininga si Rachel nang nag-iisa na siya at nasa loob na ng kuwarto. Hindi na niya mapigilan ang sarili. Nahuhulog na ang loob niya kay

Bryle. Habang tumatagal ay lumalakas ang attraction na nararamdaman niya para sa lalaki.

Dahan-dahan siyang umupo sa maliit na sofa at ilang ulit na humugot ng hininga. Namomroblema siya sa nararamdaman. Kaya na nga ba niyang muling buksan ang kanyang puso sa ibang lalaki? Kaya na nga ba niyang kalimutan si Erwin?

Tumayo siya mula sa kinauupuan sa tabi ng bintana at humiga sa kama. Kinuha niya ang laptop na naroon at pinanood ang isang series na paborito niya na para bang sa pamamagitan niyon ay makakalimutan niya ang nararamdaman kay Bryle. Hindi na niya namalayan nang hilahin siya ng antok.

Nagising si Rachel sa sunud-sunod na katok sa pinto. Nang tingnan niya ang oras ay pasado alas doce na ng tanghali.

Kinusot niya ang mga mata at nag-inat bago binuksan ang pinto. Sumikdo ang puso niya nang makitang si Bryle ang nasa labas.

“Pasensya na. Nagising ba kita?”

Umiling si Rachel. “No, it’s okay. Ikaw, nakatulog ka rin ba?”

“Oo, pero sandali lang. Nag-ikot ako sa resort para alamin kung ano pang activities ang pwedeng gawin. I hope ready ka na sa next activity natin,” sabi nito.

“Ano naman ’yon?”

“Sasakay tayo sa boat. May boat for rent doon. Mag-a-island hopping tayo.”

Napatingin siya rito. “Ha? Saan?”

“Malapit lang. Para may marating naman tayong ibang lugar habang nandito tayo.”

“I like that,” sabi ni Rachel. “Pero mag-lunch muna tayo. Kumakalam na ang sikmura ko, eh.”

“Me, too. Hindi ko namalayan ang oras habang nag-iikot ako.”



Ala-una y media ng hapon nang sumakay sila sa boat para pumunta sa kabilang isla. Iiwan sila roon ng bangkero at susunduin pagdating nang alas-tres.

“Wow, ang ganda rito,” komento ni Rachel.

Inilibot ni Bryle ang tingin sa paligid. Tanaw niya ang *Puerto Lacerta* mula roon. Sa di-kalayuan ay natatanaw rin niya ang isang malaking grotto na nasa tuktok ng kabilang isla.

“Nagustuhan mo ba?” tanong niya sa dalaga.

“Yes, very much so. Paano mo nalaman ang lugar na ito?” tanong niya. “May binanggit sa akin ang kaibigan kong si Chelsea na puwede nga raw mag-island hopping dito, pero kung hindi mo ako inaya ay hindi ko siguro magagawa habang nandito ako.”

“Nabanggit lang sa ’kin ng isang bangkero

habang naglalakad ako kanina. Parang tour guide ang asawa niya at si Kuya naman ang sa bangka. Minsan daw ay magkasama silang nag-aalok sa mga turista,” ani Bryle.

Napatango si Rachel. “Nakapagbakasyon ka na ba rito before?”

“You mean, sa *Puerto Lacerta*?” Tumango si Bryle. “Dati, pero matagal na iyon. Hindi pa sikat ang lugar na ito at iba pa pangalan. Wala pa ring island hopping activity.”

Mayamaya ay naupo sila sa isang kubling shed para magpahinga. Medyo malaki ang isla na pinagdalan sa kanila. Sa bandang likuran nila ay may restaurant. May mga dumaraang nagbebenta ng ice candy at ice cream.

“May dugo ka bang foreigner?” tanong ni Bryle kapagkuwan.

“Wala, ’no. Pinay na Pinay ako.”

“Ang puti mo kasi. Mukha kang artista,” puri niya.

“Nagmana lang ako kay Papa. Mestizo kasi siya.”

Napatango ang lalaki. “Kaya pala ang ganda-ganda mo,” hindi niya mapigilang sabi rito.

“Alam mo ba, n’ung nasa high school pa ako ay ang taba-taba ko?”

“Talaga? Pero I’m sure you’re still pretty kahit

mataba ka. Ano'ng nangyari at sumeksi ka nang ganyan?"

"Nang nag-college na ako, I decided to go to the gym with my friends. Sila kasi ang nagsabi sa akin to lose weight. Ang taba-taba ko na raw kasi," natatawang sabi nito. "Hindi ko naman minasama ang advice nila." Tumingin ang dalaga sa dagat sa harapan nila. "Erwin taught me how to have self-confidence kaya nakaya kong magpapayat. Sabi niya, huwag daw sanang sumama ang loob ko sa mga tao na concerned lang naman sa 'kin."

"Sino si Erwin?" tanong ni Bryle.

Tumingin ito sa kanya. "He was my boyfriend. He died two years ago."

"Sorry."

"It's okay. Matagal na rin namang nangyari iyon."

Tumingin na lang din siya sa dagat sa harap nila. Hindi naman nakakapagtaka na may naging boyfriend na ito. Mayroon na itong unang minahal.

"Bryle?"

"Huh?" Tumingin siya rito. Nakatitig ito sa kanya. Gustuhin man niyang mag-iwas ng tingin ay parang ayaw sumunod ng mga mata niya.

Hindi napigilan ni Bryle na hawakan ang baba ni Rachel at inangat iyon. Unti-unting lumapit ang mukha niya patungo sa mukha nito.

Kumabog nang malakas ang dibdib ni Rachel. Naipikit na lamang niya ang mga mata nang dumapo ang mga labi ni Bryle sa mga labi niya. Hindi na siya nakatanggi pa at tuluyan nang nadarang sa halik nito.

Mainit ang haponng iyon pero lalo pang uminit ang kani-kanilang katawan dahil sa halik ng isa't isa.

Maingat ang paghalik ni Bryle sa mga labi ni Rachel, parang tinatantya kung pipigilan niya ito. Pero iyon ang huling bagay na gagawin niya nang mga oras na iyon.

Rachel wanted to feel him. She wanted to feel his lips on hers. She wanted his soft and gentle kisses.

Nakahawak ang kamay nito sa gilid ng leeg niya. At kaaya-ayang bango ang nasasamyo niya. Lalaking-lalaki. Sapat na iyon upang mawala siya sa huwisyong.

Nang pakawalan nito ang mga labi niya ay hinaplos ni Bryle ang leeg niya. Tipid siyang ngumiti rito. Hindi niya maipaliwanag ang sayang nararamdaman nang mga oras na iyon.

Si Bryle ay wala ring mapaglagyan ng sayang nadarama. He wished he could stay like this with Rachel forever.

CHAPTER *Four*

*N*apailing na lamang si Rachel nang awtomatikong mapangiti siya nang magising kinabukasan. Maganda ang gising niya at lalong gumanda ang araw niya nang maisip si Bryle. Nang sabihin niya rito ang tungkol kay Erwin ay parang nakahinga siya nang maluwag.

Bryle made her feel happy and free yesterday. Nang halikan siya nito, pakiramdam niya ay bumalik na ang dating sigla niya.

Masaya siya kapag kasama ito. Ibinalik nito ang dating siya. Ngayon ay masigla na siyang gigising sa umaga.

Si Bryle din ang rason kung bakit hindi pa siya umaalis sa *Puerto Lacerta*. Ayaw pa niyang umalis.

Ayaw pa niyang maputol ang masasayang araw na pinagsasaluhan nila.

Napangiti si Rachel nang buksan niya ang bintana sa kuwarto. Tanaw na tanaw niya ang malawak na dagat. Kung noong una ay hindi niya masyadong napapansin ang kagandahan nito, ngayon ay iba na. Kung anuman ang pagbabago sa takbo ng buhay niya ngayon, alam niyang masaya si Erwin para sa kanya. Handa na siyang buksan muli ang kanyang puso na dalawang taon niyang isinara.

It was early to say what was going on between her and Bryle. She wanted to take everything slowly. She was grateful to him. Ito ang nagbago ng lahat sa kanya. Kung gaano siya kalungkot nang dumating siya sa isla, may pakiramdam siyang kabaligtaran na ang mangyayari pagbalik niya sa siyudad.

Pagkatapos magbihis ay lumabas na siya ng kuwarto. Napangiti siya nang makitang nakaupo na si Bryle sa common living room ng villa nila. Sa tingin niya ay kanina pa ito gising. Ngumiti ito sa kanya nang mapatingin sa direksyon niya.

Nilapitan niya ang binata. Tumayo ito at binigyan siya ng halik sa pisngi. He smelled fresh and nice. Gustong-gusto pa niyang samyuin ito, mabuti na lamang at napigilan niya ang sarili.

Nakangiti ito sa kanya. Even his smile could

make her happy.

“Good morning, Rachel.”

“Morning, too, Bryle.” She smiled at him.

“Mukhang ang ganda ng gising mo, ah?”

Ngumiti lamang siya rito. Niyaya niya itong mag-almusal. Alas siete na ng umaga at alam niyang pareho na nilang gustong kumain.

Hinawakan nito ang kamay niya habang papunta sila sa paborito nilang restaurant. She really liked holding his hand.

Nang marating na nila ang restaurant at nakaupo na sila roon ay sinabi niyang ito na ang bahalang mag-order para sa kanila. Kabisado na nito ang gusto niyang pagkain sa almusal.

Habang kumakain ay napapitlag siya nang punasan ng binata ang gilid ng bibig niya. Napatitig siya rito.

“May kanin ka sa bibig,” sabi nito.

“T-thank you.” Kinagat ni Rachel ang ibabang labi upang hindi siya mapatili sa kilig. *Nakakahiya. Naloloka na nga yata talaga ako.*



Alas ocho na ng gabi, maraming turista ang namamasyal sa dalampasigan. Kanya-kanya na ring upo ang mga ito sa batuhan at buhanginan. Ang iba ay nasa mga restaurant at food stall ng resort. Mabuti

na lamang at maaga silang kumain ng dinner, kung di ay baka nakapila pa sila hanggang ngayon.

Para na silang magnobyong dahil sabay sila kung kumain at palagi silang magkasama na parang nagdi-date. At masaya si Bryle sa nangyayari. Mas nae-enjoy niya ang bakasyon niya dahil kay Rachel.

Inilapag niya ang dala niyang foil mat sa buhanginan at inalalayang maupo roon si Rachel. Gusto niyang pumikit nang tumabi ito ng higa sa kanya at masamyong niya ang bango nito. Parang kay sarap humilig at yumakap sa dalaga.

Nayakap nito ang sarili nang umihip ang malamig na hangin.

“Nilalamig ka na ba?” tanong ni Bryle.

Umiling ang dalaga.

Bahagya siyang natawa. “Alam kong giniginaw ka.” Tila nagulat ito nang kabigin niya palapit sa kanya.

“T-thank you,” sabi nito sa mahinang boses.

Hindi na siya sumagot, bahagya na lamang niyang pinisil ang balikat nito. Parang gusto niyang ganoon na lamang ang maging posisyon nila ni Rachel hanggang sa dumating ang umaga. Kakayanin niya basta yakap niya ito.

Napapitlag si Rachel nang hawakan ni Bryle ang kamay niya. Napangiti siya nang simulan nitong

haplos-haplusin ang palad niya.

“Ang lambot ng palad mo,” komento nito.

“Hindi kaya. Magaspang nga, eh.”

Lihim na napabuntong-hininga siya. Kung ganito ka-sweet ang lalaking kasama niya, tiyak na wala na siyang ligtas.

Napabuntong-hininga si Bryle nang maalala si Audrey. Pakiramdam niya ay ang sama-sama niya. Tuwing tumatawag ito o nagte-text sa kanya ay hindi niya maiwasang makonsyensya. Hindi rin naman niya masisi ang sarili dahil kahit ano ang gawin niya, hindi na niya mapaglabanan ang nararamdaman para kay Rachel.

“Bryle, may problema ba?” tanong ng kasama. “Bakit para kang nalungkot? Malalim yata ang iniisip mo?”

Hindi ito tumugon. Nahigit na lamang ni Rachel ang hininga nang bigla nitong halikan ang kanyang mga labi. This time, his kiss was hot and full of passion. Nasa baywang niya ang kamay nito.

Ginantihan niya ang halik nito. She imitated his moves. Lalo siyang nasabik nang maramdaman niya ang dila nitong nagsusumiksik sa loob ng bibig niya.

Alam ni Bryle na mali ang ginagawa lalo na at may commitment siya sa ibang babae, pero hindi naman siguro masama kung bibigyan niya ng

pagkakataon ang sarili na lumigaya bago ikulong ang sarili sa isang pagsasamang ipinilit lang naman sa kanya.

I really like you a lot, Rachel, sabi niya sa isip.

Masaya si Rachel sa nangyayari sa kanila ni Bryle. Alam niyang masaya rin si Erwin na nakaka-move on na siya sa piling ni Bryle.



Isinara ni Bryle ang pinto ng kuwarto niya. He had a great time with Rachel.

Napatingin siya sa cell phone niya na nakapatong sa bedside table. Napasimangot siya nang makitang may labing-apat na mensahe roon. Galing lahat sa papa niya.

Malapit na raw bumalik sa Pilipinas ang fiancée niya. Naasikaso na umano nito ang mga dapat asikasuhin sa California. May dalawampung missed call sa call log niya.

Napaupo siya sa kama. Kanina lang ay ang sayasaya niya, ngayon ay parang pinagsakluban siya ng langit at lupa.

Nalalapit na talaga ang pagpapasakal o pagpapakasal niya kay Audrey.

Napatingin siya sa cell phone nang mag-ring iyon. Napabuntong-hininga siya at sinagot ang tawag. "Hello, Pa?"

“Bryle, nasaan ka ba? Kanina pa ako tawag nang tawag at text nang text sa ’yo, ah! Ano ba ang pinaggagagawa mo riyan at hindi mo man lang matingnan ang cell phone mo?”

Napasimangot siya sa lakas ng boses nito. “Nakatulog ako, Pa. Hindi ko narinig ang tawag n’yo kasi naka-silent mode ang cell phone ko,” pagdadahilan niya. Sigurado siyang kapag sinabi niyang lumabas siya kasama ng isang babae ay isusumpa siya nito. Baka atakehin pa ito sa puso sa sobrang galit sa kanya.

“Nabasa mo naman siguro ang text ko sa ’yo? Nakausap ko si Audrey at ang sabi niya sa akin ay pauwi na siya rito. Sa pagbalik niya ay aasikasuhin naman niya ang kasal n’yo kaya kailangan mo nang umuwi at samahan siya. Bumalik ka na dito para pagdating niya ay maayos n’yo na ang mga dapat gawin at maikasal na kayo sa lalong madaling panahon at para mabigyan n’yo na ako ng mga apo.”

Hindi nakatugon si Bryle. Napailing na lamang siya.

“Bryle!”

Natauhan siya sa malakas na boses ng ama. “Yes, pa. Opo, narinig ko kayo.”

“O, hindi ka pa ba uuwi? “

“Bukas na lang po, Pa,” mabigat sa loob na sagot

niya at nagpaalam na rito.

Pabagsak na humiga si Bryle sa kama at tumitig sa kisame. Ayaw pa niyang umuwi. Pero sinabi na niya sa kanyang ama na uuwi siya bukas. At kung matino siyang lalaki, dapat na talaga siyang umuwi dahil may fiancée siya at mali na parang pinapaasa niya si Rachel.

Dati ay desidido siyang aalis ng *Puerto Lacerta* oras na makabalik na si Audrey. Naihanda na niya ang sarili sa gagawing pag-alis. Pero ngayong nakilala na niya si Rachel at napalapit na siya rito, ayaw na niyang iwan ang dalaga. Kung maaari lang niyang pahintuin sa pagtakbo ang oras ay ginawa na niya para lagi silang magkasama ni Rachel.

Alas cuatro ng madaling araw na siya nakatulog. Nang magising siya ay agad niyang tiningnan ang kanyang wristwatch. Malapit nang mag-alas-seis ng umaga. Dalawang oras lang ang naging tulog niya.

Inayos na niya ang mga gamit pagkatapos ay naligo at nagbihis na. Lumabas na siya ng kuwarto. Magpapaalam siya kay Rachel. Muikhang sa ganito na lang mauuwi ang lahat.

Napabuntong-hininga si Bryle.

Ano ba ang gusto niya? Hindi puwedeng maging sila ni Rachel dahil ikakasal na siya.

Ilang minuto muna siyang tumitig sa pinto ng

kuwarto ni Rachel bago siya nagkalakas ng loob na kumatok doon. Ilang saglit lang ay bumukas na iyon.

Kinakabahan siya habang kaharap ang dalaga. Naglalaban ang kanyang puso at isip. Hindi pa niya kayang umuwi, at lalong hindi niya kaya na hindi ito makita.